MGA SINTOMAS NG TRANGKASO

Dahilan sa napakadaling kumalat ang “flu” o trangkaso sa mga tao, ang Poway Unified ay hinihiling ang inyong tulong upang mabawasan ang pagkalat ng trangkaso sa ating mga paaralan.

Ito ang mga Maaring Gawin ng mga Magulang Upang Makatulong

- ***Alamin ang mga sintomas ng trangkaso***. Ang mga sintomas ay lagnat (100°F o mahigit pa), ubo, sakit ng lalamunan, sipon, sakit ng kalamnan, sakit ang ulo, at pagka-pagod. Ang ibang tao ay maaari din na magsuka o magkaroon ng diyariya.

- ***Huwag papapasukin ang mga bata kung sila ay may sakit.*** Ang mga batang may sakit habang nasa paaralan ay pauuwiin. Kasama dito ang programa bago at matapos ang pasok sa paaralan.

- ***Maghanda nga ngayon kung sakaling ang inyong anak ay kinakailangang pumirmi sa bahay.*** Paghandaan kung sino ang mag-aalaga sa bata kung sakaling sila’y magkasakit.

- ***Panatiliin sa bahay ang mga batang may sakit*** ng 24 na oras matapos ang lagnat na hindi na pina-iinom ng gamot na pampababa ng lagnat. Sa pagpapanatili ng mga bata sa bahay kapag sila’y may lagnat, mababawasan natin ang mga mahahawang tao.

- ***Kung kinakailangan ng karagdagang impormasyon, pumunta sa websayt ng PUSD sa http://www.powayusd.com/schools/Safety/.***

Ang pagsasalin sa wikang Pilipino ay ginawa lamang upang magsilbing gabay. Upang hustong matiyak ang kahulugan, mangyari lamang na tingnan ang opisyal na bersyon ng kasulatang ito sa Ingles.